# KUNG PAANO MAGSULAT NG KUWENTO SA PANAHON NG PANDEMYA

DJ Ellamil

UNA, MAG-ISIP KA ng tauhan. Kahit na ano o sino. Isang frontliner. Isang guro sa kolehiyo. Isang alien. Walang limitasyon, basta't gusto mo siyang isulat. O káya mong isulat. At pagkatapos, hanapin mo ang kakulangan niya. Laging sinasabi ng isang manunulat, hindi buo ang isang tauhan. Lagi itong mayroong gustong makamit na hindi niya makuha-kuha dahil mayroong humaharang. Dito papasok ang tinatawag na "suliranin". Kung isusulat mo ang tauhan na iyon sa panahong ito, sa panahon na kung saan kaliwa't kanan ang krisis na kinahaharap ng bansa, hindi lámang sa sakit na dulot ng COVID-19 kung hindi sa sakit ng lipunan mismo, marami kang mahahanap na suliranin. Iyong frontliner na gusto nang magpahinga. Iyong guro sa kolehiyo na gusto nang mag-resign dahil sa rami ng gawain para sa paghahanda sa online class. Iyong alien na gusto nang makauwi sa kaniyang planeta dahil kahit siya mismo, takót sa virus. O kung masyado itong mabigat para sa iyo, isipin mo ang mga suliranin

na kinahaharap mo araw-araw. Halimbawa, iyong kapitbahay mong si Ed na laging nagpapatugtog nang malakas sa umaga kayâ nagigising ka. Gusto mo siyang pagsabihan dahil lagi kang puyát, subalit hindi mo magawa dahil naiisip mong nawalan siya ng trabaho, na bakâ ang pagpapatugtog niya sa umaga ang panandalian niyang kasiyahan upang makalimutan ang pait ng katotohanan. Puwede ring iyong kagustuhan mong awayin lahat ng mga troll sa comment section sa Facebook, ngunit alam mong imposible iyon dahil napakarami nila. At ano nga ba ang mapapala mo kung sakaling gawin mo iyon?

Grade 3 ka nang unang nakapagsulat ng kuwento. Tungkol ito sa isang isdang gustong magkaroon ng paa. Siyempre, mula ito sa kuwento ni Ariel sa *The Little Mermaid.* Pero upang maiba, naisip mo, paano kung hindi sirena ang gawin mong bida? Paano kung purong isda talaga? Ito ang dahilan kung bakit nabuo si Sheila Marie, isang tilapia na humiling sa diyosa ng karagatan na bigyan siya ng paa. Ngunit bago sundin ng diyosa ang kaniyang kahilingan, kailangan munang dumaan ni Sheila Marie sa mga pagsubok.

Makalipas ang ilang taon, nang marami ka nang natutuhan sa kung paano nga ba talaga magsulat ng kuwento, mapagtatanto mo na mayroon pala kaagad suliranin ang kuwentong una mong naisulat. Nang sandaling iyon, pakiramdam mo, para talaga sa 'yo ang pagsusulat.

Hanggang sa sinabi ng Papa mo na "Wala kang mapapala sa pagsusulat!" nang nagpaalam kang lumipat sa kursong Malikhaing Pagsulat dahil hindi mo gusto ang Engineering. Parang dahan-dahang gumuho ang lahat ng

pangarap mo sa búhay. Ang napakataas na pader na ang tagal-tagal mong binuo, biglang nawasak dahil sa mga salitang sinabi ng iyong Papa. Hindi mo siya kinausap nang ilang buwan. Parehas kayong mataas ang pride.

Ito ang dahilan kung bakit hiráp na hiráp kang kumilos sa bahay n'yo ngayong quarantine. Noong bago magkaroon ng pandemya, upang hindi mo makita ang iyong Papa, lagi kang lumalabas. Pumupunta sa bahay ng kaibigan, sa mga book sale, sa kung saan mang event na makita mo sa Internet. Ngunit ngayon, parang hindi ka lagi makahinga dahil lagi mo siyang kasama. Mabuti na nga lang, tuwing umaga hanggang tanghali, nagde-deliver ang Papa mo ng mga paninda sa palengke. Sa mga sandali lang na iyon nakahihinga ka nang maluwag. Bakit ba kasi gusto lagi ng magulang na ipása sa kanilang mga anak ang naunsyami nilang pangarap? Gusto mo laging isumbat na hindi mo naman kasalanan na hindi nakapagtapos ng kolehiyo ang Papa mo kayâ hindi siya naging engineer. Subalit hindi ka ganoong klaseng anak. Naiisip mo ang bagay na ito, ang mga panunumbat. Ngunit, alam mo sa sarili mong hindi mo iyon kayang sabihin sa kaniyang harapan. Ito rin siguro ang isa sa mga dahilan kung bakit ka naging manunulat. Upang ilabas ang mga salitang wala kang lakas ng loob na sabihin.

KAPAG NAKAPAG-ISIP KA NA ng tauhan, alamin mo kung saang panahon mangyayari ang kuwento. Mahalaga ito sa pagsusulat, ang pagtukoy sa milieu o konteksto ng panahon. Ito ang dahilan kung bakit maraming nagsusulat ng mga akda sa panahon ng pandemya. Upang italâ ang kanilang danas, ang kanilang mga

obserbasyon, ang kanilang mga saloobin. Isipin mo kung anong mangyayari sa frontliner, guro, at alien kung isusulat mo sila sa ibang panahon. Maaaring ganito ang kalabasan:

A. Panahon ng Pre-kolonyal

1. Ilang araw na paghahandaan ng mga frontliner ang mangayaw. Kasama roon ang isang lalaki na maya't mayang lilinisin ang kaniyang baladaw na minana pa niya. Ito ang simbolo ng kagitingan bilang mandirigma ng mga kalalakihan sa kanilang angkan. Ingat na ingat siya sa paggamit dito sa tuwing makikipaglaban. Sinisigurado niyang hindi nawawala ang talim nito at hindi matatanggal ang taling nakalagay rito na gawa sa buhok ng kaniyang namayapang asawa. Ngunit, habang naglalayag sa karagatan ang abay na kanilang sinasasakyan, biglang humampas sa kanila ang malaking alon. Mabibitiwan ng kaniyang kamay ang baladaw.

2. Ang guro ay isang katalonan. Pagkatapos niyang magsagawa ng seremonya upang magkaroon ng masaganang ani ang kanilang komunidad, pupuntahan niya ang isang batang babae na sinasanay niya upang maging isa ring katalonan. Mahahalata niyang mayroon itong problema. Sasabihin nitong mayroong dugong lumabas sa pang-iiba nito. Dalawa ang ibig-sabihin ng ganoong pangyayari. Hindi na ito bata, at maaari na itong asawahin. Ngunit, mayroong isang malaking problema. Sa halip na pula, kulay asul ang lumabas sa babae.

3. Sa unang pagkakataon ay bibisitahin ng mga alien ang daigdig. Aakalain ng mga tao na sila ang diyos ng araw at mga bituin. Aalayan sila ng mga ito ng iba't ibang pagkain, hayop, ginto, at iba pang mga kagamitan. Dahil natuwa ang mga alien sa kabutihan ng mga tao, bilang regalo rin ay ipinakita nila sa mga ito ang hinaharap.

B. Panahon ng Digmaang Pandaigdig

1. Mababaril sa ulo ang isang frontliner dahil habang ginagamot niya ang sugat ng isang sundalo, biglang sinugod ng mga kalaban ang lugar na kanilang pinagtaguan. Malalagay siya sa coma sa loob ng 30 taon. Paggising niya, marami siyang pagbabago na mapapansin. Malalaman niyang tapos na pala ang digmaan.

2. Hindi makapagtuturo ang guro dahil mas gugustuhin niyang makipaglaban sa mga dayuhan. Sa halip na paghandaan niya ang mga ituturo niya, pag-aaralan niya na lang kung paano gumamit ng armas. Magiging isa siyang gerilya. Magtatago sa iba't ibang kabundukan at mga tagong bayan. Mag-iiba-iba ng pangalan. Unti-unti niyang makalilimutan ang kaniyang tunay na identidad.

3. Tuturuan ng alien ang isang mahinang bansa sa paggawa ng mga de-kalibreng bomba. Ang bansang iyon ang magiging pinakamakapangyarihan. Walang makatatalo sa kanila. Bilang kapalit ng pagtulong, alien dapat ang

papalit na maging pangulo ng bansa. Kung hindi papayag ang mga mamamayan, pasasabugin ng mga ito ang buong daigdig.

C. Panahon ng Bomba Films

1. Gagawing pampalipas-oras ng frontliner ang panonood kina Anna Marie Gutierrez, Yvonne, at Pepsi Paloma hanggang sa hindi na nila magawa ang kanilang trabaho. Nang nahuli sila, kaagad silang matatanggal sa pinagtatrabahuhan. Hindi nila alam kung paano ito sasabihin sa kanilang mga asawa. Dahil sa lungkot, hindi nila napansin kung saan sila dinala ng kanilang mga paa. Nakita na lang nila ang kanilang sarili na nasa harapan ng sinehan. Sa loob, ginaganap ang premiere night ng bagong pelikula ng isa sa artistang kanilang pinagpapantasyahan.

2. Dahil sa babà ng sahod, mapipilitan ang guro na mag-audition para sa pelikulang *Hayok, Private Show,* at *Naked Island* o kahit model man lang sa *Ginoo: The Filipino Man's Magazine.* Hindi siya matatanggap dahil ayon sa direktor, kulang siya sa "umpf" na hindi niya maunawaan kung ano ang kahulugan. Kalaunan, magsusulat na lang siya ng isang pananaliksik tungkol sa maruming kalakaran sa paggawa ng mga Bomba film.

3. Dadalhin ng alien sa kaniyang pag-uwi sa kaniyang planeta ang mga VCR tape ng mga pelikula upang mapag-aralan ito ng kanilang

lahi. Upang mas maging malalim ang kanilang gagawing pag-aaral, dadakpin nila ang ilang mga artistang gumaganap sa mga Bomba film upang kapanayamin.

Kung sa kasalukuyang panahon ng pandemya ang napili mong panahon, mahalaga na ipakita mo ang kalagayan ng paligid, katulad ng pagpapasara sa isang estasyon sa telebisyon, ng paggastos nang milyon upang tambakan ng puting buhangin ang Manila Bay kahit walang maayos na dahilan, ng pagpaslang sa mga aktibista. Nangyari ang lahat ng iyon habang pataas nang pataas ang kaso ng tinamaan ng virus sa bansa. Subalit maaalala mong pabor nga pala ang iyong Papa sa mga pangyayaring iyon. Ito ang dahilan kung bakit nadagdagan ang gálit mo sa kaniya. Nagtataka ka kung bakit kagaya siya ng maraming Filipino na bulag at walang simpatya. Marahil, kung babasahin niya ang mga akda mong naisulat, mamumulat siya kahit papaano.

Ang totoo, nakapagbasa na naman siya ng akda mo. Sa kaniya mo nga unang ipinabása ang kuwento ni Sheila Marie. Itinanong niya kung bakit ba gustong-gusto ng isdang iyon na magkaroon ng paa. Ang sabi mo, "Basta, gusto ko lang!". Hindi mo rin kasi talaga alam ang sagot. Natuwa ang Papa mo sa iyong isinulat. Ipinagmalaki pa niya sa mga tita at tito mo. Subalit nang lumipas ang maraming taon at nahahalata na niya na ang mga isinusulat mo ay tungkol na sa pagtíra sa gobyerno, tinanong ka niya ulit kung bakit ganoon ang laman ng mga akda mo. Siyempre, hindi mo puwedeng isagot ang "Basta, gusto ko lang!". Ipinaliwanag mo ang dahilan. Sinabi mong gusto mong makapagpamulat, gustong mong ipakita ang katotohanan. Natawa lámang siya, iyong uri ng tawa na alam mong hindi siya

sumasang-ayon sa 'yo. Doon nagsimula ang pagbabago ng relasyon n'yong dalawa.

KAPAG MAYROON KA nang tauhan, suliranin, at panahon, maaari mo nang isipin ang estilong gagawin mo sa pagkukuwento. Tradisyonal ba o eksperimental? 1st person ba o 3rd? O 2nd? Kuwento ng isang tao, ng isang pamilya, o ng isang lipunan? Ito ang dahilan kung bakit mahalaga na marami ka nang nabásang akda. Maaari kang makakuha ng inspirasyon sa mga ito. Lagi mong naririnig sa mga writing workshop na nasalihan mo ang kahalagahan ng pagbabasá. Wala raw manunulat ang hindi nagbabasá. Naniniwala ka naman dito. Kayâ nga lagi kang pumunta sa mga book sale. Kailangan mo nga lang talagang maging matiyaga sa paghahanap para makakuha ng magandang libro. Noong bago magkaroon ng pandemya, nakabili ka ng *Don Quixote* ni Miguel de Cervantes sa halagang 100 piso. Tuwang-tuwa ka dahil naalala mong paborito ito ni Nick Joaquin, ang isa sa mga idolo mong manunulat. Marami ring nagsasabi na ang nobelang ito ang pinakamagandang nobelang naisulat sa lahat ng panahon. Nagbabasa ka rin ng mga aklat na naglalaman ng koleksiyon ng mga tula. Para sa iyo, mahusay ang tula kung naapektuhan ka sa huling mga linya nito, katulad ng mga nobela at kuwentong hanggang katapusan ay napanindigan ang kahusayan.

Marami kang nabásang aklat mula noong nagsimula ang quarantine. Nagkaroon ka ng maraming oras upang basahin ang mga librong binili o hiniram na hindi mo pa nababása. Habang nagbabasá ay nagkakaroon ka na ng mga idea para sa susunod mong isusulat na kuwento:

1. Iyong frontliner, naisip mong ibase kay Alonso Quixano. Pagsisilbihan din nito ang bayan sa ilalim ng isang alias, ngunit wala ka pang maisip na 'sing ganda ng "Don Quixote de la Mancha". At isa pa, nagdadalawang-isip ka dahil parang hindi na angkop ang paggamit ng alias sa panahon ngayon. Gusto mo ring iba-ibahin ang punto de bista ng mga akda kagaya ng ginawa ni Cervantes, kayâ maaaring sa halip na maikling kuwento, susubukan mo nang gumawa rin ng nobela.

2. Iyong guro, naisip mong para talaga siyang nagtuturo sa kuwento niya. Magsisimula ito sa "Magandang umaga sa inyong lahat!". Sa tingin mo, may pagka-experimental ang atake nito dahil para lang monologo ang estilo. Ganoon mo nakikita ang pagtuturo sa online class—tila pagsasalita nang mag-isa habang nakatingin sa screen ng computer. Ibinase mo ito sa maikling kuwentong *Orientation* ni Daniel Orozco na nagsimula naman sa pariralang "Those are the offices and these are the cubicles."

3. Iyong alien, naisip mong gawin siyang isang mananaliksik, at ang paraan ng paglalapat niya ng mga obserbasyon nang bumisita siya sa bansa sa panahon ng pandemya ay nása anyo ng listahan o katalogo. Naisipan mong gawing inspirasyon ang estilo ni Sofia Samatar sa maikling kuwento niyang *Ogres of East Africa.* Ngunit sa halip na mga kakaibang nilalang, ang binuong listahan ng alien ay may kaugnayan lahat sa COVID-19.

Subalit kapag nagbabasá ka, bigla na lang magpaparinig ang Papa mo: "Bása na naman nang bása, hindi na lang tumulong sa gawaing-bahay." Kaagad naman siyang susuwayin ng iyong Mama. Biglang iinit ang iyong ulo at kaagad na pupunta sa bakuran ng inyong bahay. Makikita mo ro'n ang mga halaman na itinanim ng iyong Mama (nakahiligan na nito ang pagtatanim simula nang nauso ang mga plantita/o) at ang alaga mong aso. Wala pang isang buwan nang ibinigay ito sa iyo ng pinsan mo, subalit lubusan ka nang napamahal rito. Ito lámang ang nagpapagaan sa kalooban mo kapag napupunô ka na sa iyong Papa. Kaagad itong lumapit sa iyo at dinila-dilaan ang paa mo. Bigla ka na lang natawa.

KAPAG BUO NA ang iyong konsepto, maaari ka nang magsimula sa pagsusulat. Hindi ka kagaya ng ibang manunulat na dumidiretso kaagad sa Microsoft Word upang doon magtipa. Kailangan mo munang kumuha ng notebook para doon isulat ang unang draft ng kuwento. Iba kasi ang naidudulot sa iyo ng ballpen na hawak-hawak mo. Parang kontroladong-kontrolado mo ang sarili mong idea. Siguradong babanggitin mo ito kapag nagsulat ka na ng poetika. Sa pagkakataong ito, pipiliin mo kung ano ba talaga ang gusto mong isulat. Ang kuwento ba ng frontliner, ng guro, o ng alien?

A. Kung kuwento ng frontliner, kailangan mong magbase sa karanasan ng mga kakilala mong frontliner talaga sa totoong búhay. Maaari kang magtanong sa ate mong nurse na nása ibang bansa. O sa kapitbahay mong si Ed na dáting nagtatrabaho sa bangko.

B. Kung kuwento ng guro, mas maganda kung manood ka ng mga webinar para malaman mo kung paano talaga naghahanda o kung paano magtuturo ang mga guro sa online class. Kung mag-aaral ka, obserbahan mo mismo ang mga prof mo.

C. Kung kuwento ng alien, kailangan mong magsaliksik dahil may halong science fiction ang isusulat mo.

Ilang minuto kang matutulala sa notebook. Akala mo, madali ka nang makapagsusulat dahil mayroon ka nang mga idea. Subalit pinakamahirap na proseso pala ang paglalapat nito sa papel. Lalo na nang nagkaroon ka ng mabigat na alalahanin dahil habang nakatulala ka sa blangkong papel at hawak ang isang ballpen, lumapit sa iyo ang Mama mo at sinabing mayroong lagnat ang iyong Papa. Nananakit din daw ang ilang bahagi ng katawan nito. Nang sandaling iyon, bigla kang kinabahan.

Kinabukasan, pumunta sa bahay n'yo ang mga taga-health center upang kuhanan ng test ang Papa mo. At ilang araw ang lumipas, lumabas na ang resulta. Nagpositibo siya sa COVID-19. Dahil dito, kinakailangan n'yo na ng Mama mo na magsuot ng mask kahit nása loob ng bahay. Hindi na rin lumalabas ng kuwarto ang iyong Papa. Mayroong mga pagkakataon na pasikreto mo siyang sinisilip. Makikita mo siyang natutulog, balót na balót ng kumot ang katawan. Maaalala mo ang mga sandali noong bata ka, habang mayroon kang lagnat at balót na balót din ng kumot ang iyong katawan, siya ang nagbabantay sa 'yo. Nilalagyan niya ng basâng bimpo ang iyong noo. Pinagbabalat ka niya ng mga prutas. Pinagluluto ng lugaw. Ito ang ayaw mo minsan sa pagiging manunulat. Masyado kang nagiging melodramatiko. Ngunit ano nga ba ang magagawa mo

kung iyon ang naidudulot sa 'yo ng pagbabasa at pagsusulat ng mga akdang hindi naiiwasan ang romantisasyon ng mga bagay?

Sinubukan mo ulit magsulat, subalit paulit-ulit na sumasagi sa iyong isip ang Papa mo. Paano kung hindi niya makayanan ang virus? Paano kung mawala siya nang hindi kayo nagkakaayos? Ganoon mo ba kamahal ang pagsusulat at handa mong ipagpalit ang Papa mo para dito? Pakiramdam mo, hinihintay ka na ng iyong mga tauhan. Ang frontliner, ang guro, ang alien, at ang iba pang mga tauhan na gusto mong isulat. Subalit ano ang magagawa ng mga ito upang mailigtas ang Papa mo? Unti-unti ka nang nawawalan ng pag-asa. Sa mga sandaling ito, naiisip mo kung ano ba talaga ang kayang idulot ng pagsusulat. Sino o ano ba talaga ang natutulungan nito?

Maaalala mo ang iba pang nakapagbasa ng iyong mga akda. Natulungan ba sila ng mga akda mo? Sa paanong paraan? Napagaling ba sila nito sa sakit, nabigyan ng tirahan, nakatulong upang makaahon sa kahirapan? Maaalala mo ang huling mga linya sa tulang *Ano ang Saysay ng Aking Pagtula* ni Wiji Thukul, isang aktibista at mahusay na makata mula sa Indonesia:

*Ano ang saysay ng aking pagtula*
*Na kumakain ng aking oras sa loob ng ilang buwan*
*Ano ang maiaambag nito sa paglutas sa kahirapang*
*Sumasakal sa amin?*
*Ano ang naibigay ko*
*Kapag nagpalakpakan ang mga nakinig sa aking mga pagbasa*
*Ano ang naibigay ko?*
*Ano ang naibigay ko?*

KUNG MAHALAGA ANG SULIRANIN sa isang kuwento, ganoon din kahalaga kung paano niya lalampasan ang suliraning ito. Maaari siyang magtagumpay at maaari ding mabigo. Ikaw ang bahala. Sa ngayon, pakiramdam mo, ikaw at ang Papa mo ang mga pangunahing tauhan sa kuwento. Kinalimutan mo muna ang frontliner, guro, at alien. Ngunit ang kaibahan, kuwento ng búhay n'yo ang inyong pinagbibidahan. Walang manunulat na magdedesisyon kung ano ang inyong kahaharapin. Pumasok sa isip mo ang huling mga linya sa tulang *Invictus* ni William Ernest Henley: "I am the master of my fate/I am the captain of my soul."

Pumunta ka sa kuwarto ng iyong Papa. Gisíng siya. Nanonood ng telebisyon. Pelikula ni Robin Padilla. Gusto mo sanang sabihin, "DDS naman 'yan!", ngunit kagaya ng laging nangyayari, hindi mo ito kayang sabihin nang harapan. Hindi ka niya pinansin kahit nakita niya ang pagpások mo.

"Kumusta na po ang pakiramdam n'yo?" tanong mo habang nakatungo.

Lumipas ang ilang segundo bago siya sumagot. "Medyo ayos na. Nawala na ang lagnat ko."

Ramdam na ramdam mo ang pagkailang sa pagitan n'yong dalawa. Ayaw mo ng ganoong pakiramdam. Subalit alam mong kailangan mong kausapin ang iyong Papa. "Buti nga po wala kayong sakit sa bagà. Mas delikado kapag ganoon."

"Kailan ang pasukan mo?" tanong niya. "3rd year ka na, tama?"

Tumango ka. Kinuha mo ang orange na nakapatong sa lamesitang kalapit ng kama at dahan-dahan itong binalatan.

"Sa 'yo na lang 'yan kung gusto mo," sabi ng iyong Papa.

"Hindi po. Para 'to sa inyo."

Natawa siya sa sinabi mo. "May COVID ako pero hindi ako baldado. Káya ko namang magbalat."

Napangiti ka. Hindi mo na alam kung ano sasabihin. At mukhang ganoon din ang Papa mo.

Itinuloy niya ang panonood. Inisip mo ang mga bagay na puwede n'yong pag-usapan:

A. Iyong isang beses na isinama ka niya sa probinsya dahil namatay ang lolo mo. Naligaw kayo dahil ilang taon na siyang hindi nakauuwi ro'n.

B. Iyong pinasalubungan ka niya ng ice cream pero hindi mo nakain dahil hindi ka mahilig sa cheese flavor.

C. Iyong pagkain n'yo sa Jollibee tuwing Linggo pagkatapos magsimba.

"Ano nang isinusulat mo ngayon?" biglang tanong niya.

Gulát na gulát ka. Hindi mo inaasahan na manggagaling ang tanong na iyon sa bibig niya.

Nakatingin pa rin siya sa telebisyon.

“Po?” tanong mo pabalik kahit naintindihan mo naman talaga ang sinabi niya. Hindi ka lang talaga makapaniwala.

“Ano nang isinusulat mo ngayon ‘ka ko.”

“Wala pa po. Pinag-iisipan ko pa kung tungkol sa frontliner, teacher, o alien.”

“Alien?” natatawang sabi niya. “Bakit hindi na lang isda? Si Sheila Marie?”

“Tanda n’yo pa pala ‘yon.” Hindi mo maipaliwanag kung gaano ka kasaya nang sandaling iyon.

“Bakit ko naman makakalimutan?”

MAHALAGA MONG TANUNGIN sa iyong sarili kung tungkol ba talaga saan ang iyong isinusulat. Hindi mo basta-basta puwedeng sabihin na tungkol lang sa frontliner, guro, o alien ang isinulat mo. Ano ang gusto mong sabihin sa kuwento? Katatagan ng mga frontliner? Kasipagan ng mga guro? Paghahanap ng bagong realidad sa pamamagitan ng ibang nilalang?

Kahit pa sabihin mong walang malalim na kahulugan ang akda mo, lagi’t lagi, manipestasyon pa rin ito ng pagtingin mo sa mundo.

Binalikan mo ang kuwentong isinulat mo noong Grade 3 ka. Bakit mo nga ba talaga isinulat ang kuwento ni Sheila Marie? Bakit niya gustong magkapaa? Maaalala mong laging sinasabi

sa 'yo ng Papa mo noon ang kahalagahan ng pangangarap, kahit na mukhang imposible, o kahit maraming humaharang sa 'yo.

Kinabukasan, pumunta ka muli sa kuwarto ng iyong Papa. Ibinigay mo sa kaniya ang papel na naglalaman ng kuwento ni Sheila Marie, ang isdang gustong magkapaa.

SIGE, TAPUSIN NA natin ang pagpapanggap na ito. Ang totoo, hindi naman talaga naituturo ang pagsusulat. Kahit pa magbigay ako mas maraming gabay kung paano magsulat ng kuwento, kung makatutulong man sa simula ay maaaring hindi mo iyon magamit dahil iba-iba ang paraan ng pagsusulat ng bawat manunulat. O kung susundin mo man ang mga ito, maaari ding kalaunan ay magkaroon ka ng sariling pagpapasya, ng sariling boses. Maaari mo akong kontrahin. Tanungin mo kung kailangan ba talaga ng suliranin? Kailangan ba talaga ng malalim na panghuhugutan? Kailangan ba talagang sundin ang mga panuntunan sa pagsusulat, kung mayroon man? Pansinin mo na ang tinutukoy kong mo sa mga sandaling ito ay ikaw na mambabasá. Hindi pa tapós ang kuwento ng kausap ko kaninang tauhan, iyong manunulat na mayroong amang nagkaroon ng COVID, natatandaan mo? Iyong nagsulat ng kuwento ng isdang gustong magkapaa? Pero bago táyo tumungo sa katapusan ng kaniyang kuwento, gusto ko munang magpasalamat dahil narating mo ang bahaging ito. Maaaring hindi naging madaling basahin ang isinulat ko sa simula dahil sa pagtatangka kong mag-eksperimento sa pagkukuwento. Maaaring nasanay ka sa tradisyonal na mga akda. O naba-badtrip ka kapag mayroong manunulat na nagpupumilit magsulat ng mga eksperimental na akda, kagaya ko. Kung ganoon, humihingi ako ng paumanhin.

Isinulat ko ang akdang ito dahil gusto kong ipakita ang proseso ng pagsusulat sa panahon ng krisis. Sabi ng isa sa mga hinahangaan kong manunulat, ang kapangyarihan ng isang manunulat ay ang pagsasaayos ng lahat ng kaguluhan. Káya niyang bumuo ng isang realidad na nagpapakita ng pag-asa, lalo na kung ang realidad mismo na kaniyang ginagalawan ay unti-unti nang nawawalan ng búhay.

Pero ayaw ko namang akuin ang lahat ng responsibilidad. Hindi dahil "manunulat" ako, ganoon na ako kamakapangyarihan. Ngayon, gusto kong kayo na mga mambabasá ang pumili ng isang realidad na sa tingin n'yo ay nararapat mangyari sa tauhan.

Paano?

Narito ang ilan sa mga maaaring maging katapusan ng kuwento ng tauhang kausap ko kanina. Ikaw ang bahalang pumili ng gusto mong kahinatnan niya:

A. Malalampasan ng kaniyang Papa ang COVID-19. Tuluyan na silang magkakaayos at susuportahan na siya nito sa kaniyang pangarap. Irerebisa niya ang kuwento ni Sheila Marie at kalaunan ay ilalathala ito bílang isang kuwentong pambata. Gayunpaman, hindi na niya matatapos ang kuwento ng frontliner, guro, at alien.

B. Matatapos niya ang kuwento ng frontliner, guro, at alien. Gagaling ang kaniyang Papa sa virus, ngunit babalik muli ito sa dati. Hindi na sila magkakaayos. Ngunit paglipas ng ilang buwan, magkakaroon na ng bakuna para sa COVID-19 kayâ babalik na sa normal

ang lahat. Madalas na ulit siyang lalabas ng bahay upang pumunta sa kung saan-saan.

C. Magnenegatibo ang kaniyang Papa sa virus ngunit siya naman ang magpopositibo. Babawian siya ng búhay dahil mayroon siyang sakit sa bagà, subalit hindi siya makalilimutan ng lahat dahil sa kaniyang mga akda. Ang Papa niya ang magpapatuloy ng kuwento ng frontliner, guro, at alien.

D. Wala sa mga nabanggit. Isulat sa isang blangkong papel ang nais mong katapusan. (O puwede ring hindi, kung tinatamad ka at walang pakialam sa kuwentong ito. Kung ganoon, kalimutan mo na ito at magbasa na ng iba pang mga akda. Ngunit kung nagsasawa ka na sa pagbabasa, ito na ang pagkakataon mong magsulat ng sarili mong kuwento. Kung mahihirapan, maaaring basahin ang mga gabay sa itaas).

## ASSEMBLAGE (O KUNG BAKIT KO ISINULAT ANG KUWENTO TUNGKOL SA PAGSUSULAT)

Ang akto ng pagsusulat, para sa akin, ay isang balintuna. Masalimuot ang proseso nito, ngunit nakapagpapagaan din ng pagkatao. Madugo ito, ngunit nakapaghihilom din ng mga sugat na hindi alam na naroroon pala. Nakapagdudulot ang pagsasalungat ng mga bagay na ito sa akin bilang manunulat upang buuin at isaayos ang mga ito para magkaroon ng koneksyon sa isa't isa, na kung hihiramin ang konsepto nina Deleuze at Guattari ay tinatawag na "assemblage".

Kakaiba ang assemblage sa collage dahil koleksyon ito ng mga bagay sa halip na mga retrato. Mayroon itong katangian ng pagiging three-dimensional sa halip na idinidikit lamang sa isang rabaw, sa isang blangkong espasyo. Ganito ko maipaliliwanag kung bakit at paano ko naisulat ang maikling kuwentong *Kung Paano Magsulat sa Panahon ng Pandemya.* Ito ay pagsasama-sama ng mga bagay na naituturing kong mayroong iba't ibang dimensyon, maaaring organiko o hindi, at repleksyon ng pagtingin ko sa mundo. Manipestasyon nito ang mga mahahalagang konsepto sa akda katulad ng panahon ng pandemya na isinasakonteksto ang kasalukuyang situwasyon; ng claustrophobia sa isang maliit na espasyo, sa pagkakataong ito ay sa mismong bahay ng tauhan dahil sa pagiging panatiko ng kaniyang ama sa rehimeng Duterte; at ng mismong proseso ng pagsusulat.

Hindi na naman talaga bago ang pagsusulat tungkol sa pagsusulat. Wala na naman kasi talagang bago, mula sa estilo o kahit sa mismong mga kuwento. Ngunit ano ba ang masama sa pagsusulat ng hindi na bago, ng mga kuwentong naikuwento

na? Hindi ba't iyon naman talaga ang punto ng pagsusulat, ang pagpapatuloy sa naratibo ng bayan?

Ang totoo, hindi ito ang unang beses na nagsulat ako ng ganitong uri ng akda. Unang beses akong nakapagsulat ng ganito noong Grade 11 nang nabasa ko ang *Ang Liaison sa 27th Floor* ni Allan Derain. Doon ako nakapagsulat ng akdang kinakausap din ng manunulat ang kaniyang tauhan. Pagkatapos ay sinubukan ko pang gumawa ng mga kuwentong nagkakaroon ng pagtatagpo ang manunulat at ang tauhan, pagiging malay ng tauhan na isa siyang tauhan, at paglaya ng tauhan sa kaniyang manunulat. May kung anong ligalig akong nararamdaman sa pagsusulat ng mga ganitong akda dahil binabasag nito ang pagiging inorganiko ng kuwento. Nagkakaroon ako ng pagkakataon, kahit papaano, na lumabas sa mga pormulang ipinapataw sa pagsusulat ng kuwento na mula pa noong sekundarya ay pilit nang ipinasusubo sa akin bilang mag-aaral. Na kailangan kong tukuyin ang mga elemento, ang kasukdulan, ang wakas, ang walang katapusang aral na makukuha sa mga kuwentong iyon.

Ang pinakamalakas na puwersang nagtulak sa akin upang maisulat ang *Kung Paano* ay ang mismong panahon na kinahaharap ng lahat sa kasalukuyan. Maraming pagkakataon sa pandemyang ito na nagkaroon ng mga pag-uusap, seminar, at iba pang bagay upang kumustahin ang pagsusulat ng mga manunulat sa panahong nakalulunod, nakalulungkot, at walang katiyakan ang mga nangyayari at mangyayari. Siyempre, hindi roon mawawala ang danas ng kahirapan sa pagsusulat, ang kawalan ng lakas upang gawin ang bagay na ito. Mula rito, kinumusta ko rin ang aking sarili kung paano nga ba talaga magsulat sa panahong ito, o ang pagsusulat mismo. Paano nga ba talaga magsulat? At kung magsusulat ako, saan ako

magsisimula? Ang mga tanong na ito ang nagsilbing inspirasyon upang mabuo ang aking assemblage.